



May karapatan ka sa ligtas at mataas na kalidad na pangangalagang pangkalusugan, tulad ng inilarawan sa **Charter ng Australya para sa mga Karapatan sa Pangangalagang Pangkalusugan Australian Charter of Healthcare Rights (The Charter)**.

Ipinapaliwanag ng Charter kung ano ang maaasahan mo o ng isang taong pinagmamalasakit na kapag tumanggap ng pangangalagang pangkalusugan.

Ang mga karapatan ay para sa sinuman at saanman sa Australya na may ibinibigay na pangangalagang pangkalusugan.

Maglaan ng oras upang basahin at maunawaan ang iyong mga karapatan.

Inilarawan ng polyetong ito ang **pitong mga karapatan sa Charter**.



## Pag-access

May karapatan kang gumamit ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at tumanggap ng paggamot kung kailangan mo ito.



May karapatan kang tumanggap ng pangangalagang pangkalusugan na tumutugon sa iyong mga pangangailangan.

Tumutulong ang Medicare sa mga gastos sa pagpapatingin sa doktor, gayundin sa maraming mga paggamot at mga gamot. May karapatan kang malaman, bago ka tumanggap ng paggamot, kung mayroong anumang mga bayarin at singil na kailangan mong bayaran.

Ang mga organisasyon ng serbisyong pangkalusugan ay kailangang magbigay ng isang kapaligiran kung saan ang mga taong may kapansanan ay makakagamit ng mga serbisyong ito.

## Kaligtasan

May karapatan kang maalagaan sa isang lugar na ligtas at kung saan nararamdaman mong ikaw ay ligtas.



May karapatan kang tumanggap ng ligtas at may mataas na kalidad na pangangalagang pangkalusugan na tumutugon sa mga pambansang pamantayan.

Ang iyong pangangalagang pangkalusugan at paggamot ay dapat nakabatay sa pinakamahusay na makukuhang ebidensya, at sa iyong mga pangangailangan at mga kagustuhan.

Kung nag-aalala ka tungkol sa iyong kalusugan, may napansing nakababahalang pagbabago, o sa tingin mo ay may bagay na napalampas, may karapatan kang humiling ng muling pagsusuri.

## Paggalang

Dapat kilalanin at igalang ng iyong organisasyon ng serbisyong pangkalusugan ang iyong kultura, pagkakakilanlan at mga paniniwala.



May karapatan kang tratuhin nang may dignidad, paggalang at malasakit.

Dapat kang tanungin tungkol sa iyong mga pangangailangan, at dapat sumasalamin sa iyong mga kagustuhan ang iyong pangangalaga.

## Pagtutulungan

Ang pagbabahagi ng impormasyon sa iyong clinician ay makakatulong sa iyo na makatanggap ng pangangalaga na angkop para sa iyo.



May karapatan kang tratuhin bilang partner ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari kang magtanong nang magtanonghangga't kailangan mo. Dapat hayagan at tapat na makipag-usap sa iyo ang iyong clinician tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan.

Maaari kang magsama ng ibang tao sa iyong pangangalaga, tulad ng pamilya, mga kaibigan, isang tagapag-alaga o isang tagapagtaguyod ng konsyumer.